



# Mga Home Water Treatment Device



## Bakit ko kakailanganin ang Point-Of-Use (POU) O Point-Of-Entry (POE) na Water Treatment Device?

Ang tap water na suplay ng San Francisco Public Utilities Commission ay ligtas inumin at nakatutugon o nakalalampas sa pamantayan ng Environmental Protection Agency (EPA) at State Water Resources Control Board (SWRCB). Pero mas pinipili ng ilan na gumamit ng water treatment device kung nag-aalala sila tungkol sa lumang alkantariya sa kanilang tahanan, o pansariling pagpili para mapabuti ang lasa ng tubig, o para sa mga dahilang pansariling kalusugan. Kung nag-aalala kayo, manghingi ng payo sa inyong tagabigay ng serbisyo sa kalusugan tungkol sa inyong alkantariya para sa inuming tubig. Ang nitrate, dala ng tubig-ulan o irigasyon, ay puwedeng madaling makalipat sa lupa at mapunta sa groundwater.

## Ano ang POU Water Treatment Device?

Kabilang sa mga POU water treatment device ang mga water filter pitcher, at puwedeng ilagay sa mga gripo, dutsa, o iba pang fixture para sa water treatment bago gamitin ng tao. May ilang POU device ang puwedeng makatanggal ng contaminant mula sa mga lumang alkantariya at/o alisin ang lasa at amoy sa mga chlorine-based na disinfectant na ginagamit sa pagmantini ng kalidad ng tubig.

## Ano ang POE Water Treatment Device?

Ikinakabit ang mga POE water treatment device sa alkantariya sa mga gusali at naglalaan ng water treatment sa isang buong gusali (hal., isang tahanan, negosyo, eskuwelahan, o pasilidad). Karaniwang ginagamit ang POE device kapag ang isang public utility ay nahihirapang matugunan ang mga pamantayan ng federal at pang-estadong sa kalidad ng tubig. Hindi ito usapin sa tap water na inilalaan ng SFPUC.

## Anong Uri ng Treatment Ang Ginagamit ng mga Home Water Treatment Device?

Ginagamit ng mga POU at POE water treatment device ang parehong mga treatment technology na ginagamit sa centralized drinking water treatment plants - kabilang sa mga water treatment technology ang filtration, distillation, activated carbon, ion exchange, ultraviolet radiation, at reverse osmosis. Ginagamit ng mga POU at POE water treatment device ang mga pamamaraang ito nang solo o kasama ng iba pa depende sa klase ng treatment na gusto. Mahalagang sundin ang mga replacement instruction ng manufacturer para matiyak na gumagana ang mga treatment device sang-ayon sa layunin nito.

## Paano Ko Malalaman Kung ang Isang POU o POE Treatment Device ay Gagana Ayon sa Sinasabi Nito?

Kapag nagsasabi ang isang POU at POE water treatment device na mayroon itong benepisyo sa kalusugan at kaligtasan, kailangan ng manufacturer na irehistro ang device sa California Water Treatment Device Registration Program. Ang listahan ng mga rehistradong Water Treatment Device para sa mga partikular na contaminant gaya ng arsenic, chromium, lead, at nitrate, ay makikita sa kasunod na link: [waterboards.ca.gov/drinking\\_water/certlic/device/watertreatmentdevices.shtml](https://waterboards.ca.gov/drinking_water/certlic/device/watertreatmentdevices.shtml).

Ang mga POU at POE water treatment device na hindi nagsasabi na mayroon itong benepisyo sa kalusugan at kaligtasan, gaya ng may layuning magtanggag ng chlorine o pagandahin ang lasa ay hindi kailangang magrehistro; gayunman dapat na magkaroon ito ng tatak na may sertipikasyon ito ng [National Sanitation Foundation \(NSF\)/American National Standards Institute \(ANSI\) Standard 42](#) at tanggap ng State of California Water Treatment Device Registration Program.

### Mga Resource ng Konsumerista: Regulasyon/Kalusugan

- Centers for Disease Control and Prevention: Water Treatment Para sa Sambahayan [cdc.gov/healthywater/drinking/public/water\\_treatment.html](https://cdc.gov/healthywater/drinking/public/water_treatment.html)
- State Water Resources Control Board: Mga Water Treatment Device para sa Tahanan [waterboards.ca.gov/drinking\\_water/certlic/device/watertreatmentdevices.html](https://waterboards.ca.gov/drinking_water/certlic/device/watertreatmentdevices.html)
- USEPA: Mga Opsiyon sa Point-of-Use o Point-of-Entry Treatment Para sa Mga Maliit na Drinking Water System [epa.gov/sites/production/files/2015-09/documents/guide\\_smallsystems\\_pou-poe\\_june6-2006.pdf](https://epa.gov/sites/production/files/2015-09/documents/guide_smallsystems_pou-poe_june6-2006.pdf)

### NSF, Mga Water Treatment Product na Sumusunod sa NSF61:

- Mag-search sa: [nsf.org/Certified/DWTU/](https://nsf.org/Certified/DWTU/)

**Pinagtutuunan Namin ang Kalidad:** Tuloy-tuloy na sinusubaybayan ng aming mga ekspertong chemist, technician, at inspektor ang tubig na inihahatid namin—sa aming buong sistema, sa bawat araw ng taon. Para sa mga karagdagang impormasyon at babasahin, mangyaring bisitahin ang [sfpuc.org/waterquality](https://sfpuc.org/waterquality). Para sa mga tanong tungkol sa INYONG tubig, mangyaring tumawag sa 311. Mabibisita rin ninyo ang [sf311.org](https://sf311.org).